**MANILA** – More than 2.14 million Filipinos have registered in the online programs of the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) since the start of the pandemic and the implementation of community quarantines in March 2020 until December last year.

In an interview on Tuesday, TESDA Director General, Secretary Isidro Lapeña, urged enrollment in the TESDA Online Program (TOP) that can be completed at home and at the students' own pace.

Lapeña said by enrolling in TOP, new skills would be acquired that can create new livelihoods or secure jobs.

"We continue to encourage our kababayan (countrymen) to enroll in TOP. Since the start of the pandemic and until now, we remain very consistent in promoting the TOP, because we know that it can really help, especially the displaced workers and the repatriated OFWs (overseas Filipino workers)," he told the Philippine News Agency (PNA).

The 115 courses under TOP have lured 1,090,530 Filipinos, with 961,151 completing them.

The total includes 72,476 OFWs and their dependents.

Excluding the TOP, 1,209,659 individuals also enrolled in the regular training programs as of Dec. 31, 2021, producing 1,129,309 graduates.

A total of 634,799 were assessed and 583,987 were certified in regular training programs as of 2021.

"We are glad that more and more people are seeing the relevance of TESDA online courses during this challenging period," Lapeña said.

Free TOP courses can be availed of – from as short as eight hours to as long as 40 hours.

Some of the online short courses are Electrical and Electronics, Entrepreneurship, and Information and Communications Technology. ***(PNA)***

# Come clean with figures on fish shortage and compare measures before importation permits, Legarda urges DA

Deputy Speaker and Antique Congresswoman Loren Legarda expressed her disapproval over the Department of Agriculture's planned importation of 60,000 metric tons of fish in the first quarter of this year.

The Department of Agriculture (DA) earlier said the country needed more than 800,000 MT of fish to meet the demand for January to March 2022. The importation was supposedly aimed primarily at stabilizing supply and keep prices in the wet markets from rising. One of the reasons cited for the possible increase in fish prices was the onslaught of Typhoon "Odette" which caused P3.97 billion in damage, and affected numerous coastal and fishing communities.

Additionally, there is the closed fishing season implemented by the Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) every year in the country's major fishing areas to allow fish species to spawn and recover. The closed fishing season impacts. To illustrate, retail prices of galunggong in Metro Manila averaged between P250 to P260 a kilo last week.

For her part, Legarda opposed the importation, noting the public outcry and the allegations that the DA needs to address, such as, that there is sufficient supply from the previous importations still unsold that could tide us over, that previous importations have had little or no impact on fish prices, and that the closed season is about to be over. "We risk further marginalizing many of our small-scale fishers and coastal communities who are already vulnerable to a myriad of social and environmental changes. These policy decisions that tend to further bring down our most marginalized sectors must be based on evidence. Merely blaming Odette and not comparing other measures like faster provision of small boats and safety nets for the marginalized is not convincing."

She lamented: "This archipelago is still rich in resources, which is why we are repeatedly challenged to enforce laws against poaching. Instead of prioritizing band-aid solutions that help importers and big traders but are harmful to the entire industry in the long-term, we must craft policies and spending that uplifts the poor and ensures food security for all in the long term."

"I urge the government and the private sector, to rapidly mobilize and implement support mechanisms for small-scale fishers, coastal fishing communities, and associated people's organizations," Legarda added.

Legarda further said that, "our fishers in the coastal villages face a range of environmental challenges due to coastal erosion, mangrove destruction, the endangered species trade and, most seriously, overfishing. There is a need to consider the impact of illegal, unreported, and unregulated fishing practices. These are the reasons for our dwindling supply. Rather than using government resources to import more fish, why don't we use these resources to ensure marine resource sustainability and livelihood security in coastal communities? Why not safeguard pollution control and environmental conservation through strict enforcement of marine fisheries laws?"

Legarda stressed the need for support services to improve the socio-economic conditions of coastal fishing communities, with consideration for gender and ecological supply chains. As an archipelagic nation, fisheries are essential to the country's economy in terms of food security and employment. More than half of animal protein consumption (60%) of the country comes from fish or seafood. Over a million Filipinos are engaged in marine fishing. Of these, an estimated 800,000 are small-scale fishermen using traditional, low-cost techniques, notably net fishing from small boats and the fish corral. "And yet, we fail to give the most support to small-scale fisheries where livelihoods are under most immediate pressure from marine resource competition and degradation. We cannot reach our Sustainable Development Goals if we are only looking at the macro and not the micro," Legarda concluded. PR

# NHA releases P487-M shelter aid for 'Odette' victims

**MANILA** – The government has started providing emergency shelter assistance to the victims of Typhoon Odette that swept through parts of the Visayas and Mindanao last December.

"Ang NHA (National Housing Authority) naman ay kasalukuyang nag-i-implement ng emergency shelter assistance, sila ay nakapag-download na sa mga local government units ng PHP487 million (The NHA is presently implementing its emergency shelter assistance and they have already downloaded around PHP487 million to local government units)," Undersecretary Ricardo Jalad, National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) executive director, said in his report to President Rodrigo Duterte during the Talk to the People briefing on Monday night.

Jalad said aside from the NHA, around PHP4.8 billion in funds from the Department of Budget and Management (DBM) for the same purpose have been downloaded to local government units (LGUs).

"At mayroong recommendation na ibibigay ang NDRRMC sa inyo, Mr. President, para sa karagdagang emergency shelter assistance, (Mr. President, the NDRRMC will submit a recommendation to you regarding the grant of additional emergency shelter assistance)," Jalad said.

Meanwhile, Jalad said the government has so far transported 7.1 million kilograms of relief goods to areas severely affected by the typhoon.

Jalad also reported that the Department of Social Welfare and Development has so far distributed a total of 786,000 family food packs worth PHP440 million to Western Visayas, Central Visayas, Eastern Visayas and Caraga.

Jalad, who is also the administrator of the Office of Civil Defense (OCD), said post-disaster needs assessment (PDNA) for typhoon-affected areas is expected to be concluded by the end of January.

He added that the PDNA is now being conducted by 21 teams on 95 local government units who reported losses and damage due to "Odette".

Jalad said that these will be submitted to the Regional Disaster Risk Reduction and Management Councils (RDRRMCs) who will then forward it to the NDRRMC by mid-February.

"Odette" has so far affected 2.3 million families or around 8 million individuals.

Around 406 people were reported dead, along with 65 missing and 1,265 injured with 339,478 individuals still residing and being helped in 1,146 evacuation centers.

Some 1.3 million houses were also damaged by the typhoon. ***(PNA)***

## Para hindi maipit ng procuremen ban
# KAILANGANG MGA KAGAMITAN, SERBISYO, PRODUKTO VS COVID-19, BILHIN NA AGAD – CHIZ

**Ngayong panahon na ng eleksiyon at malapit nang mag-umpisa ang kampanyahan, pinaaalahanan ni Sorsogon Gov. Chiz Escudero ang pambansang gobyerno at mga lokal na pamahalaan na bilhin na ang mga kinakailangang kagamitan, serbisyo at produkto upang hindi maipit ng procument ban ang pagtugon ng bansa sa pandemya.**

Sa ilalim ng Circular 03-2021 ng Government Procurement Policy Board (GPPB), wala nang iisyung mga notice of awards para sa mga proyektong may kaugnayan sa pabahay, mga gawaing pambayan, at pagpapaunlad panlipunan mula Marso 25 hanggang Mayo 8.

"Nasasaamin nang mga lokal na pinuno at pati na mga kalihim ng mga kagawaran kung papayagan naming maparalisa ang ating paglaban sa COVID-19 nang dahil lang sa 2022 elections, lalo't pumapalo ng 25,000 ang impeksyon araw-araw. Hindi dapat matigil ang epektibong pandemic response nang dahil lang may procurement ban. Paghandaan natin ito ngayon pa lang," ani Escudero na kumakandidato para sa Senado.

Ayon kay Escudero, ang pinamamamahalaan niyang probinsiya, na nasa Alert Level 3, ay nagsimulang bumili ng home care kits sa pag-uumpisa pa lamang ng pandemya noong 2020 at ipinamimigay nila ang mga ito ngayon sa mga mild at asymptomatic COVID-19 patient. Dahil napaghandaan, aniya, hindi punuan ngayon sa mga ospital ng probinsiya kahit may nangyayaring pagtaas sa numero mga kaso ng COVID-19 dito.

"Alam naman natin three years ago pa na may eleksyon at may mga paghihigpit at limitasyon ang puwedeng magawa ng kada ahensya ng pamahalaan. Kaya kami sa lalawigan ay nag-early procurement para hindi abutan ng election ban ang bidding ng mga proyekto na kailangan dumaan naman talaga sa proseso. Hindi dapat ma-delay ang anumang programa, proyekto at lalung-lalo na ang COVID-19 response dahil lamang sa kampanya," ani Escudero.

Hinimok ni Escudero ang Commission on Elections (COMELEC) na payagan nito na mapagtuloy ang ilang social welfare projects, tulad ng testing at teleconsultations para sa mga nagka-COVID-19, kahit panahon na ng kampanya.

"Dahil may pandemya ngayon at kita naman ng lahat na matapos ang dalawang taon ay wala pa rin tayong sapat na kahandaan, sana ay huwag ng hadlangan ng COMELEC ang mga ahensya na nagbibigay-tulong at kapakinabangan sa nakararaming tao," aniya.

Kung papayagan ng COMELEC, maaaring isama ng GPPB sa listahan ng mga exempted sa procument ban ang mga tinutukoy na serbisyo ni Escudero. ***PR***

# Pagpapalakas sa Republika, mag-aahon sa pandemya

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA) --** Makakatulong sa mabilis na pag-ahon mula sa pandemya ng COVID-19 ang lalong pagpapalakas sa ating Republika.

Iyana ng tinuran ni Gobernador Daniel R. Fernando nang pangunahan niya ang payak na pagdiriwang ng Ika-123 Taon Anibersaryo ng Pagpapasinaya sa Unang Republika ng Pilipinas, na ginanap sa patio ng makasaysayang simbahan ng Barasoain sa lungsod ng Malolos.

Sangkap aniya upang mapalakas pa ang Republika ang pagpaprayoridad na maiangat ang antas ng mga pangunahing serbisyo at programa ng pamahalaan.

Bilang ambag ng Bulacan, ipinahayag ng gobernador na ngayon ang pinakamainam na paraan upang palakasin ang health system.

Target ngayong 2022 na magkaroon ng brandnew na Magnetic Resonance Imaging at maitatag ang Department of Ophthalmology sa Bulacan Medical Center.

Sa larangan ng ekonomiya, prayoridad ang patuloy na pagpaparami ng produksiyon ng pagkain kaya't tututukan ang agrikultura sa pamamagitan ng pamamahagi ng mas maraming makinarya, libreng binhi at pataba at ang muling pagpaparami ng mga Baboy na walang African Swine Fever.

Hangad din ng Kapitolyo na kasabay na matulungang maibalik sa trabaho ang mga nawalan o nahinto sa pinapasukan, ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga out-of-school youth na makapaghanapbuhay sa pamamagitan na mas maigting na technical education courses and trainings sa tulong ng Technical Education and Skills Development Authority.

Kasama rin sa mga aspeto ng pagbangon at pagpapalakas sa Republika ang muling pagbabalik eskwela nang personal ng mga mag-aaral.

Kaya't binigyang diin ni Fernando na ang mga mag-aaral lamang na fully vaccinated ang iibrang lumahok sa pinaghahandaang face-to-face classes.

Kaugnay nito, naniniwala naman si Malolos City Mayor Gilbert Gatchalian na ang mga adhikaing inilatag ng gobernador ay higit na magtatagumpay sa pamamagitan ng tunay na pagkakaisa mula sa iba't ibang sektor at seryosong pagsunod sa mga ipinaiiral na batas, lalo na sa mga health protocols ngayong pandemya. ***(CLJD/SFV-PIA 3)***




# ULTIMATE CAT, NAGPASIKAT!

Nagpasikat ang pinakadehado sa lahat na si Ultimate Cat matapos manalo at manggulat sa pambungad na karera na ginanap nung nakaraang linggo sa pista ng Metro Manila Turf Club Inc. sa Malvar-Tanauan City, Batangas. Sakay ng apprentice rider na si Rico Camba Suson ay binulaga ni Ultimate Cat ang bayang karerista matapos na ilampaso ang mga katunggali at ilaglag ang taya ng mga liyamadista. Sa pagbukas ng aparato ay nakalundag ng maaga mula sa labas ang kabayong si Taranasakalyos ni ME De Ocampo ngunit panandalian na inagaw ni Jinxky na ginabayan ni Allan Pare ang bandera, nasa ikatlong puwesto ang dehado na si Ultimate Cat, kasunod si Gwapoduck ni Mark Sadam Pilapil, panglima ang bahagyang naliyamado na si Adarna na pinatungan ni Dave Santiago, pang-anim si Kissing Bandit ni Dodong Villegas, pangpito ang tersera liyamado na si Dream Team na nirenda-han ni Patty Dilema, nasa ikawalong posisyon ang segunda liyamado na si Blown Away, pang siyam si Spectreoftheknight na lulan ni RS Calubiran, habang ang kabayong si Antique Collector ni Ken Malapira ang bugaw sa unang bahagi ng labanan. Papasok sa medya milya ay hawak na ni Taranasakalyos ang bandera, nasa ikalawang puwesto si Jinxky sa gawing loob, pangatlo ang puting kabayo na si Adarna mula sa labas, nakahanap naman ng magandang madaraan si Ultimate Cat sa bandang gitna, habang nagpapainit sa gawing labas sina Kissing Bandit at Blown Away. Sa huling 400 meters ay swak na swak ang naging diskarte ni Rico Suson sa ibabaw ni Ultimate Cat kung kaya't nasikwat ang unahan habang nagkum-pulan ang mga rumeremate sa kanyang likuran. Sa rektahan ay tangan na ng winning horse ang bandera habang kumakapit sa tabing balya si Dream Team, at malakas na rumeremate sa gawing labas sina Kissing Bandit at Blown Away. Sa huling 100 meter ay klaro na ang kalamangan ni Ultimate Cat at tumawid sa meta ng may dalawang kabayong agwat laban sa nabitin na si Blown Away. Tersero si Kissing Bandit at dikit na pumang-apat si Dream Team, habang sina Adarna at Taranasakalyos ang panglima at pang-anim. Naka-pagtala si Ultimate Cat ng tiyempong 1:28.6 (13'-23-24'-27') para sa distansiyang 1,400 meter. Dahil sa pagkapanalo ng dehado sa lahat na si Ultimate Cat ay nagresulta ng carry over ang larong quartet, penta-fecta at super six. Mahigit 11K na lang din ang natira out of 1.6M mahigit sa total bet sa 1st set ng pick six. Congrats sa mga nagwagi.

# Karagdagang vax site, binuksan sa Makati City

**LUNGSOD PASIG, (PIA)** -- Kaugnay ng pagpapaigting ng bakunahan sa bansa, pinangunahan nina National Task Force (NTF) Against COVID-19 Secretary Carlito Galvez at Makati City Mayor Abby Binay ang pagbubukas ng karagdagang bakunahan sa lungsod.

Ginanap nitong Biyernes ang pagbubukas ng vaccination site sa QualiMed Health Network sa Brgy. Dasmariñas, Makati City sa ikalawang araw ng pilot implantation ng "Resbakuna sa Botika" program.

Ayon kay Mayor Abby, ang naturang programa ay magandang halimbawa ng pagtutulungan laban sa pandemya. Aniya, wala ng dahilan para hindi magpabakuna. Hinikayat din niya ang bawat mamamayan na huwag maniwala sa mga fake news o tsismis tungkol sa masamang epekto ng bakuna.

Nagpasalamat din si Mayor Abby sa NTF, Department of Health, sa IATF, private sector, at sa mga frontliners.

Idinagdag din ni Binay na maaaring magpabakuna sa QualiMed ang mga hindi kabilang sa kategoryang A2 (senior citizens), A3 (with co-morbidities) at pediatric population.

Gayundin, nagpasalamat si Group Chief Operating Officer ng QualiMed Health Network Margaret Bengzon na maging kabahagi ng naturang programa. Siniguro din niya ang patuloy na suporta ng QualiMed sa laban kontra COVID-19.

Samantala, pinuri naman ni Sec. Galvez si Mayor Binay sa lahat ng suporta ng pamahalaang lungsod pati na rin ang Metro Manila Council. Aniya, isang ehemplo ang Makati City sa vaccination program.

Pinasalamatan din ni Galvez ang QualiMed, aniya sa pamamagitan ng mga botika at mga private clinics ay mas mapapalapit pa ang pagbabakuna sa publiko. ***(PIA-NCR)***

# GINANG AT 'KALAGUYO' INARESTO

**BINITBIT** ng Cavite police ang isang ginang at lover nito matapos na ireklamo ng asawa ng una na nakatira na sa bahay ng huli sa Tanza, Cavite Martes ng gabi.

Kasong adultery ang kinaharap na nina Rorie, 43, at Dado, 48, (Loradil Mendoza y De Mesa at Menardo Corpuz y Montejo), ng B5 L112 Phase B, Istana Subd., Brgy. Biga, Tanza, dahil sa reklamo ni Rodelio Mutya y Hernadez, 42, ng Brgy. North Signal, Taguig City.

Sa ulat ni PSSgt Jonathan Lagario, ng Tanza Police Station, dakong alas-7:00 ng gabi ay humingi ng tulong sa mga tanod ng Brgy. Biga, si Rodelio dahil nakatanggap ng impormasyon na nakita ang kanyang asawa sa bahay ni Dado.

Nakumpirma ito ng biktima at mga tanod nang nadatnan si Rorie sa loob ng bahay ni Dado dahilan upang arestuhin ang dalawa at -i-turn over sa pulisya. ***GENE ADSUARA***

# 59 katao, dinakma sa tupada

**SA** kabila ng mahigit pa ring pinapairal ang illegal na tupada, mistulang tengang-kawali ito sa mga sabungero dahil umabot pa rin sa limampu't siyam katao, kabilang ang apat na senior citizen, ang dinakma ng Cavite police sa isinagawang anti-illegal gambling operation sa magkakahiwalay na lugar sa lalawigan Linggo ng hapon.

Sa ulat ng Cavite Police Provincial Office (PPO), dakong alas-11:30 ng umaga nagsagawa ng anti-illegal operation ang mga operatiba ng Kawit police sa Brgy Gahak, kung saan dalawang senior citizen na may edad, 62 at 69, ang inaresto sa aktong nagsasagawa ng tupada at nakuha sa lugar ang dalawang sasabunging manok at P1,500 na pusta.

Sa Rosario, tatlong sabungero ang inaresto, kabilang ang isang 69-anyos na senior citizen, na naaktuhang nagsasagawa ng tupada sa Brgy Ligtong 1 dakong alas-11:55 ng umaga at nakumpiska ang P400 na pusta at dalawang sasabunging manok.

Walo katao, kabilang ang isang 60-anyos na senior citizen, ang dinampot sa Brgy Conchu, Trece Martires City, sa aktong nagsasagawa ng tupada at nakumpiska ang P1,100 na pusta, dalawang sasabunging manok at dalawang tari.

Pinakamarami namang sabungero ang dinampot sa Noveleta kung saan labing-apat katao ang nakorner sa aktong nagsasagawa ng tupada dakong alas-12:30 ng tanghali sa Pulo 1 Brgy. San Rafael 4 at nasamsam ang P2,200 na pusta, sasabunging manok at tari.

Sa Indang, walo katao ang dinampot sa magkahiwalay na lugar sa Brgy Pulo, at Brgy Tambo Malaki sa aktong nagsasagawa ng tupada dakong alas-10:45 ng umaga at 11:10 ng umaga kung saan P2,150 ang narekober na pusta, apat na panabong at mga tari.

Sa Mendez, siyam na sabungero ang dinampot sa isinagawang anti-illigal gambling operation dakong alas-12:30 ng tanghali sa Brgy Banayad, at nakumpiska ang P1,000 na pusta, apat na sasabunging manok at dalawang tari.

Tatlo katao ang binitbit dahil sa tupada dakong alas-11:30 ng umaga sa Acacia Subd, Brgy Burol 3, Dasmarinas City kung saan P700 na pusta ang narekober, dalawang sasabunging manok at tari.

Sampung sabungero naman ang binitbit sa Bacoor City dahil sa illegal na tupada sa Brgy. Real 1, dakong alas-3:30 ng hapon at nakumpiska ang P1,800 na pusta, mga sasabunging manok at tari.

Sa General Mariano Alvarez (GMA), dalawa katao ang inaresto dahil sa illegal na tupada dakong alas-6:00 ng gabi sa Brgy Jacinto Lumbreras, kung saan P700 na pusta ang nasamsam , dalawang sasabunging manok at tari. ***GENE ADSUARA***

# Rider, tigbak

**HINDI** na umabot ng buhay sa ospital ang isang rider matapos sumalpok ang minamanehong motorsiklo sa nakaparadang delivery truck nang nawalan ng kontrol sa kanyang sasakyan at sumabit sa fender ng Toyota Innova sa Amadeo, Cavite Lunes ng hapon.

Isinugod pa sa Ospital ng Tagaytay ang biktimang si Ally Kim Chang y Anyayahan, nasa wastong edad, subalit idineklarang dead on arrival.

Kinilala naman ang driver ng kulay pula na Toyota Innova na si John Paul San Miguel y Lantican habang ang driver ng delivery truck ay si Ryan Jay Millamena Y Gabiola.

Sa ulat ni Corporal Rey Kevin Manuel, ng Amadeo Police Station, ala-1:40 ng hapon naganap ang insidente kung saan minamaneho ni San Miguel ang kanyang Toyota Innova habang marahan na binabagtas ang kahabaan ng CM Delos Reyes Ave., sakop ng Brgy Dagatan, at papasok pakaliwa sa Domus Amadeus Subd., na kasunuran nito ang kulay green sa Sedan na pakanan naman ang direksiyon at nag-o-overtake sa Toyota Innova.

Dumating naman ang minamanehong motorsiklo ng biktima at tinangka ring mag-overtake sa kotse ni San Miguel sa kaliwang inner lane.

Sumabit ang motorsiklo sa kaliwang fender ng Toyota Innova.

Dahil dito, nawalan ng kontrol ang motorsiklo ng biktima kaya bumangga sa nakaparadang delivery truck sa gilid ng kalsada

Nagtamo ng malubhang sugat ang biktima kaya isinugod sa ospital subalit idineklarang dead on arrival. ***GENE ADSUARA***

# Tindahan ng bike, ninakawan

**UMABOT** sa kulang P100K halaga ng cash at gadget ang natangay ng dalawang lalaki na pumasok sa tindahan ng bisikleta sa Bacoor City, Cavite Linggo ng madaling araw.

Arestado ang suspek na si Rulino Cantelejo y Gifala, nasa wastong edad, ng Brgy. San Agustin 2, Dasmariñas City, habang nakatakas ang kasamahan nito na si Romel Dolorez y Fernandez, 23, ng Summerwind 4, Brgy. San Agustin 2, Bacoor City.

Sa salaysay ng may-ari ng Bigbert Bikeshop na si Lamberto Bolante, 63, ng Block 71 Lot 1, Area F, Brgy. Fatima, Dasmariñas City, kay Pat. Marco Romero Cupo, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-2:30 Linggo ng madaling araw ay pinasok ng mga suspek ang tindahan ng bisikleta sa Old Abre Building, Brgy. Molino 2, Bacoor City, sa pamagitan ng pagsira sa padlock ng roll-up door.

Nang nakapasok ay tinangay ang dalawang mountain bike, laptop na nagkakahalaga ng P30,000, Lenovo Android Phone na P7,000 at kita sa tindahan na P32,000 cash.

Natawagan ang biktima hinggil sa ginawang pagnanakaw sa kanyang tindahan kaya humingi siya ng assistance sa nakakasakop sa barangay at nagsagawa ng operasyon na nagresulta sa pagkakaaresto kay Cantelejo at pagkakarekober sa dalawang mountain bike habang tuluyan nang nakatakas ang kasamahan nito.

Patuloy ang isinagawang paghahanap ng pulisya kay Dolorez. ***GENE ADSUARA***

# Motor bumangga sa nakaparadang trak

**NASAWI** ang motorcycle rider na bumangga ang minamanehong motorsiklo sa nakaparadang truck sa gilid ng kalsada sa Bacoor City, Cavite Martes ng madaling araw.

Isinugod pa sa St. Dominic Medical Center ang biktimang si Michael Anthony Capito y Agustin, nasa wastong edad, subalit hindi na umabot ng buhay.

Kinilala naman ang driver ng Isuzu Rebuilt Truck na may plakang NAZ2430 na si Christian Caraballido y Fontamillas, nasa wastong edad.

Sa ulat ni PMSgt Edison Fetalcurin, ng Bacoor City Police Station, minamaneho ng biktima ang motorsiklong Suzuki Raider sa kahabaan ng Molino Boulevard subalit pagdating sa Brgy Ligas 2, ay sumalpok sa likurang bahagi ng nakaparadang Isuzu Rebuilt truck.

Dahil sa pagkakasalpok, dumanas ng matinding pinsala sa katawan na biktima kaya hindi na umabot ng buhay sa ospital. ***GENE ADSUARA***

# Tricycle driver, dinedo sa akto na nagmamaneho

**ISANG** 54-anyos na tricycle driver ang pinagbabaril habang nagmamaneho at may sakay na pasahero sa Dasmarinas City, Cavite Linggo ng gabi.

Isinugod pa sa ospital ang biktimang si Bernardo Santos y Perez, ng Block 18, Lot 15, Phase-1, City Homes Resortville, Brgy Langkaan 2, Dasmariñas City, subalit idineklarang dead on arrival dahil sa tama ng baril sa katawan.

Sinusulat ito ay inaalam ang pagkakakilanlan sa suspek na tumakas matapos ang insidente dala ang ginamit na baril.

Sa ulat ni PSSgt Richard Domingo, ng Dasmariñas City Police Station, alas-6:50 ng gabi naganap ang insidente kung saan ayon kay Roumel Bustamante y Obre, pasahero ng biktima, sakay siya sa tricycle.

Binabagtas nila ang kahabaan ng Amuntay Road at pagsapit sa panulukan ng Brgy Zone 3, Dasmarinas City, ay nakarinig siya ng sunud-sunod na putok ng baril at nakita ang driver ng tricycle na unti-unting bumabagsak habang umaagos ang dugo sa katawan.

Masuwerte namang hindi nasugatan ang pasahero ng biktima.

Inaalam ng pulisya ano ang motibo sa pamamaril. ***GENE ADSUARA***

# Party-list nominee, iba pa; dagit sa buy bust

**TINATAYANG** halos P2 milyon halaga ng hinihinalang shabu ang nasasamsam sa pagkakaaresto ng tatlo katao kabilang ang nominee ng isang party-list at isang menor de edad sa isang buy bust operation sa Dasmarinas City, Cavite Lunes ng hapon.

Kinilala ang mga naaresto na sina Asrap Kamad Kasan Datu (ASRAP) , nominee party-list ng People's Volunteer Against Illegal Drug (PVAID) (Number 39); Jerklie Abdulkarim (DATU) ang isang 17-anyos (TATO) na menor de edad.

Sa ulat ng NBI-TFAID, nitong January 23 ay nakatanggap sila ng impormasyon na si Datu ay may ibebentang shabu na nagkakahalaga ng P900,000 sa informant dahilan upang nagplano ng buy bust operation.

Nitong Jan 24, nagkasundo si Datu at ang informant na susunduin nito ang isang kaibigan na kinilalang si Asrap sa isang lugar sa Roxas Boulevard sa Pasay City bago sila tumuloy sa Dasmarinas City.

Sakay ng Nissan Sentra na minamaneho ng isang operatiba ng NBI-TFAID, sinundo nila si ASRAP at nagtuloy sa Paliparan III, Dasmarinas City, kung saan dito ibibigay ang P900,000 halaga ng shabu.

Pagdating sa lugar, pumasok sa sasakyan ang kausap ni Datu na si Tato kung saan iniabot kay ASRAP ang isang maliit na kahon na naglalaman ng shabu at dito na inaresto ang mga suspek ng pinagsamang puwersa ng NBI-TFAID, Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) at PNP-Cavite Provincial Office.

Nakuha kina DATU, ASRAP at TATO ang 293.5185 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P199,800.

Kasong paglabag sa Secs. 5 and 11 of RA 9165 (The Comprehension Dangerous Drug Act of 2020) ang kinaharap ng mga suspek. ***GENE ADSUARA***

### Nawalis ang mga fixer...

# PAG-UPO NG BAGONG CITY TREASURER NG PASAY, IKINATUWA NG MGA NEGOSYANTE

**NAGDULOT ng kasiyahan para sa mga negosyante ng Pasay City ang pagkakaupo ng bagong treasurer ng lungsod.**

Naging daan sa mabilis at sistematikong renewal ng business permit sa Pasay City Hall ang pag-upo sa City Treasurer's Office ng bagong tresurero sa katauhan ni Treasurer Emelito B. Tecson.

Sa pamamagitan ng Business Permits One Stop Shop (B.O.S.S.) ay naging organisado ang sistema at wala na ring naglipanang mga fixers na ikinatuwa ng mga negosyante sa lungsod.

"Dati pagpasok mo pa lamang sa entrance ng gusali ng city hall ay sasalubong na ang mga fixers na nag-aalok ng insurance, ngayon ay nawala na ang mga ito. Maginhawa at komportable na ang pag-renew ng business permit dahil nandoon na lahat sa loob ng Cuneta Astrodome ang mga kailangan mo, tulad ng insurance, Bureau of Fire, at payment, hindi mo na kailangan lumabas pa ng gusali upang puntahan ang mga nabanggit na departamento," pahayag ng ilang negosyante.

Kaya naman ang apela ng BPLO sa mga entrepreneurs ay isagawa ang business online for a seamless and contactless business permit renewal.

Ang bagong sistema sa pagkuha ng business permit ay wala ng mga fixers na nag-aalok ng insurance.

Unang gagawin ay mag fill-up sa pamagitan ng online, kapag hindi naman alam ay nandyan ang mga empleyado na tutulong at aalalay upang makapag-rehistro.

Dahil sa kanilang isinagawang online registration ay nalimitahan na ang pagdagsa ng mga taong kukuha o mag-renew ng business permit at ipinatupad din ang social distancing, lalo na at nananatili ang banta ng COVID-19.

Tinitiyak naman sa pag-renew ng business permit na naipapatupad ang mga health protocols.

Nabatid na sa bagong sistema, ang mga negosyanteng mag-re-renew ng kanilang business permit ay required ang QR Code para makakuha ng insurance. Ang nasabing QR Code ay isang paraan at proteksyon sa mga Pasayeño upang makasiguro na ang kanilang nakuhang insurance ay authentic, hindi peke at higit sa lahat ay lehitimo.

Matapos makapag-rehistro at mayroon ng QR Code, ang sunod na gagawin ay sundan na lamang ang nakapaskil: Step 1: Validation/Verification, Step 2: Assessment/ Payment and Step 3: Releasing. Hihintayin na lamang tawagin para sa releasing at makukuha na ang business permit.

Meron ding nakalaan na priority lane para sa mga senior citizens, pregnant women at person with disability (PWD).

Ang nasabing hakbang sa paglilinis sa departamento ng BPLO ay upang tuluyan ng maalis ang naglipanang mga fixers.

Napag-alaman na si City Treasurer Tecson ay isang Certified Public Accountant (CPA) at license Real Estate Appraiser na nagtapos ng kolehiyo sa Philippine School of Business Administration (PSBA), Manila.

Bago nalipat sa Pasay City Hall ay nanungkulan muna siya bilang Assistant Division Chief ng City Assessor's Office, sa lungsod ng Maynila; Acting City Assessor ng Malabon City (2013-2017); Assistant City Accountant ng Caloocan City (2017-2019) at City Assessor ng San Juan City (2019-2020).

Hangad ni Treasurer Tecson ang kaginhawahan ng mga negosyante sa renewal ng business permit ng mga ito.

Ayaw niyang mapagsamantalahan ang mga Pasayeño sa pagkuha at pag-re-renew ng business permit. *JM*





Pasay City Treasurer Emelito B. Tecson



**TIKLO** sina Jerome Gaje at Brain Salceda sa isinagawang buy bust operaration ng mga operatiba ng Philippine Drug Enforcement Unit (PNP-PDEG) nitong Enero 26 sa Hilario st., Lungsod ng Makati. Narekober mula sa mga suspek ang nasa 6 kilo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng humigit kumulang 4.8-milyong piso at ang boodle money na ginamit sa nasabing operasyon ng kapulisan. ***(JEROME AMOROSO)***



**ARESTADO** sina Kennedy Balan at Maynard Delos Santos, kapwang 3299-Kabisang Cillo St., Brgy Tambo, P'que City matapos makumpiska sa kanila ang 11 pirasong sachet ng hinihinalang shabu na tumitimbang ng 50 grams at nagkakahalaga ng P340,000. Isinagawa ang buy bust operation ng mga elemento ng SPD-DDEU sa pamumuno ni P/ Major Cecilio G.Tomas, Jr., P/Lt.Col. Renante M. Galang, ng DID & DMFB sa pamunuan ni P/Brig. Gen. Jimili Macaraeg, SPDO Director. Ang dalawang suspek ay naharap sa kasong paglabag sa Section 5 at 11,R.A.9165. ***(JIMMY HAO)***



**PATOK** ngayong Chinese New Year ang iba't ibang lucky charms partikular ang mga hugis tigre. ***(Christian Heramis)***

# HANEP

Basahin Mo Ito!

# KALIBRE



ROMY SANTOS
0977-7844136

## Balasubas na driver ka ba?

**KUNG** ikaw ay nagmamaneho ng kahit anong uri ng sasakyan, ano ang tawag sa iyo kung basta ka na lamang nagpaparada sa harapan ng bahay nang may bahay?

'Balasubas na driver'

Iyan siguro ang pwedeng ibansag sa mga ganyang klaseng tsuper.

Ang mga single motorcycle, tricycle, pedicab o maging e-trike ay madaling maiuurong pero dapat ay hindi rin basta na lamang paparada.

Paano kung ang nakaharang ay mga four wheels o iba pang sasakyan?

Magbubukas ng gate ang may-ari ng bahay dahil aalis at ilalabas na ang kanyang sasakyan subalit mayroong nakaparada sa tapat o harap.

Perwisyo talaga kahit pa may nakakabit na karatulang 'no parking' o 'keep drive way open' at iyan ang hindi alam ng ibang driver.

Maaaring alam pero nagmamaang-maangan lamang.

Pagbalik sa ipinaradang sasakyan ay mayroong ilang tsuper na hihingi ng paumanhin sa may-ari ng bahay.

Pero mayroon din ilan na matapang pa at baluktok ang pangangatwiran.

Sasabihin na ang kalsada ay hindi na pag-aari ng house owner.

Pordyos-porsanto, hindi baleng magmukhang tanga at matawag na bobo basta lang makaperwisyo.

Kung paparada man sa harap ng isang bahay ay magandang kumatok at makiusap sa may-ari.

Ang lahat ng bagay ay nakukuha sa maayos na pakikipag-usap pero sadyang marami pa ring nagmamaneho na abusado.

Ang disiplinadong driver ay hindi lamang nakikita sa uri ng kanyang pagmamaneho bagkus pati na rin sa pagpaparada ng behikulo.

Ikaw, balasubas na driver ka ba?

